

ROGER A. PAUTAN, JR.

Si Roger A. Pautan, Jr. ay kasalukuyang nag-aaral sa Dr. Emilio B. Espinosa Sr. Memorial State College of Agriculture and Technology (Masbate State University). Kumukuha siya ng kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino (TP: 2021-2022). Siya rin ngayon ang patnugot sa pamamahala ng *D 'Post* ang opisyal na lathalaan ng nasabing institusyon, isang sanaysayista at nanalo sa mga panrehiyong patimpalak (DOST-Siyensanaysay at Pagsulat ng Sanaysay sa Selebrasyon ng Estadistika) kontribyutor ng mga tula sa Pandaigdigang Onlayn na Antolohiya ng mga tula (Poetry Soup) ang mga paksa ng kaniyang tula ay tungkol sa kultura ng Pilipinas partikular sa lalawigan ng Masbate.

PAMANGTÍ

Dalí na, kuháa an báldi
Kitá mamangtí
Dako'n hubás
Kitá manginhás

An kalantugás
ga ralabas patí gatás-gatás
Di nakakaón an barung
Garataan an piróng

Baga'n may piesta
Sa hubásan dalí na
Ga tiripon an táwo
Mas damò kúha an sayó

Sa tangkulán kadto kitá
Sunggakí an imo makíta
An saháng man,
Adto naga kámang

Baliskadá an bató
Manamit sukáan an latô
Kun sa mumbon damô palád
sa mga bató adto may tambod

Ga pitik an kamitik-pitik
an bantol malára, malánit
sa panublí parangán rulutaw
ámo man an bukáw-bukáw

Sungó i-ugsong
pasigaha an kalayó
an kaldero ihandâ
kitá ugwá na surà.

PAMANGTÍ

(Pagkuha ng mga lamandagat sa baybayin)

Dalî na, kuháa an báldi

(Bilis at kunin mo na ang balde)

Kitá mamangtí

(Kumuha tayo sa baybayin ng mga kabibe)

Dako'n hubás

(Malapad ang mababaw na dagat)

Kitá manginhás

(Kita'y pumunta na sa maalat)

An kalantugás

(Ang kalantugas)

'ga ralabas patí gatás-gatás

(Lumalabas pati ang gatas-gatas)

Di nakakaón an barung

(hindi nakakain ang barung)

Garataan an piróng

(pero, ginagataan ang piróng)

Baga'n may piesta

(Parang piyesta)

Sa hubásan dalí na

(sa baybayin halika na)

'Ga tiripon an táwo

(Nagtitipon ang mga tao)

Mas damò kúha an sayó

(Ang mas maaga, maraming kuha)

Sa tangkulán kadto kitá

(Sa tangkulán tayo na)

Sunggakí an imo makíta

(Sunggakí ang iyong makikita)

An saháng man,

(ang saháng din)

Adto naga kámang

(ayon gumagapang)

Baliskadá an bató

(baliktarin mo ang bató)

Manamit sukáan an latô
(masarap lagyan ng suka ang latô)

Kun sa mumbon damô palád
(Kung sa buhangin maraming palád)

sa mga bató adto may tambôd
(tambôd naman ang sa may bató)

Ga pitik an kamitik-pitik
(pumipitik ang kamitik-pitik)

an bantol malára, malánit
(ang bantol ay makamandag, masakit)

sa panublí parangán rulutaw
(sa panunubli parangan lilitaw)

ámo man an bukáw-bukáw
(ganoon din ang bukáw-bukáw)

Sungó i-ugsong
(Ihanda ang panggatong)

pasigaha an kalayó
(sindihan ang apoy)

an kaldero ihandâ
(*ang kaldero ay ihanda*)

kitá ugwá na surà.
(*tayo ay may ulam na*)